# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

# Lifestyle Evangelism ©

Conrad Jun Tolosa

Revised March 14, 2020

### LE205. Ang Evangelist bilang Apologist

Ang mga alagad ni Cristo ay ang asin ng lupa at wala ng iba pa. Ang paggamit ng asin noong unang panahon ay ang pagiging preservative. Habang nakikihalubilo ang mga evangelists as Christian believers sa di-mananampalatayang comunidad, napapabagal nila ang moral decay ng comunidad na ito; subalit ito ay mangyayari lamang habang taglay ng mga believers ang mga values na nagmumula sa salita ng Diyos at patuloy ang kanilang pagpapasakop sa biblical standard ng katotohanan, kabutihan at katuwiran.

Si Jesus ang tunay na ilaw ng sanlibutan. Ang ilaw Niyang ito ay naa-absorb at nare-reflect sa Kanyang mga alagad. Nakikita ang liwanag na likas kay Cristo sa pamamagitan ng buhay ng mga disciples Niya, na naninirahan sa kani-kanilang comunidad. Sa Bible, ang ilaw ay kadalasang nagsi-symbolize ng kalinisan laban sa karumihan, katotohanan laban sa kasinungalingan, kaalamanan laban sa kamangmangan. Sa madaling sabi, ang mga Christian evangelists sa pamamagitan ng kanilang lifestyle ay di nakikibahagi sa mga kasagwaan, kamalian at katangahang nagaganap sa kanilang ginagalawang barangay. Sa gayo'y mapag-mamasdan ng madla, na ang mga masasamang kaganapang na nangyayari ang siyang humahadlang sa pag-unlad ng buong lipunan.

Nakikita sa mga tunay na disciples ni Cristo ang kanilang mabubuting gawa. Ipinamumuhay nila ang isang lifestyle na naglalarawan ng kaharian ng Diyos na nagre-reflect ng kaisipan at kalooban ng Panginoon, kahit na ang kapalit nito kadalasan ay ang rejection or persecution mula sa kamay ng masa.

Ang ganitong uri ng lifestyle naa-attract ang mga tinatawag na *seekers* ng katotohanan; ang mga nakararanas ng crisis sa buhay. Sinasabi sa 1 Peter 3:15 na ang disciple ni Cristo ay dapat laging handa na magbigay ng paliwanag sa sinumang magtanong ng pag-asa na nawawari sa kanyang pagkatao; nang mahinahon at may respeto; hindi *threatening.*

Ang evangelist-apologist ay nararapat na handang magbigay ng maigsing patotoo tungkol sa taglay niyang kapayapaan ng puso dahil sa mga pangako ni Cristo. Ang isang halimbawa ng tatlong minutong patotoo ay ang sumusunod:

Bago ko nakilala si Cristo bilang sariling Panginoon at tagapagligtas at inialay ang aking buhay sa Kanya, hinanap ko ang kaligayahan sa kabila ng maraming bagay. Hinanap ko ang kaligayahan sa likod ng paghanga ng aking mga kamag-anak, kaibigan at ng ibang tao. Akala ko na kapag ako ay hinangaan nila, malalasap ko ang kaligayahang aking hinahanap. Subalit hindi nagtatagal ang epekto ng kaligayahang galing dito. Hinanap ko rin ang kaligayahan sa likod ng pakikipagkasintahan. Ligaw dito at ligaw doon ang aking ginawa. Ngunit hindi rin naging permanente ang kasiyahang dulot ng isang kasintahan. At hinanap ko rin po ang kaligayahan sa likod ng mga material na bagay. Subalit nang magkaroon na ako ng magarang kotse, bahay at lupa, mga kasangkapan at maraming damit, ako po ay kadalasang nalulugmok

sa kalungkutan dala ng kawalang saysay ng aking buhay. Dumating ang panahon na ako ay puspusan at mataimtim na nagtanong sa Diyos kung ano ang layunin ng Kanyang pagkalikha sa akin.

Dalawang taon inabot ang ganitong buhay ko hanggang sa isang araw, inabutan ako ng aking kapatid ng isang Bibliya sabay sinabi niya sa akin ang ganito: "Makikita mo ang iyong hinahanap sa aklat na ito." Dali-dali kong inumpisahan ang aking pagbabasa. At nang dumating ako sa Matthew 11:28, narinig ko ang tinig ni Jesus nang sabihin Niya ito, Lumapit kayo sa Akin, kayong mga napapagal at nabibigatan at bibigyan Ko kayo ng kapahingahan. Sa sandaling iyon ibinigay ko ang aking buhay kay Cristo. Tinanggap ko ang kapatawaran ng aking mga kasalanan at tinanggap ko rin ang buhay na walang hanggang handog Niya.

Sa ngayon, malugod at maligaya akong naglilingkod sa Diyos bilang isang guro at evangelist. May kabuluhan ang aking buhay. Nalalasap ko ang kaligayahang hindi ko nasumpungan sa likod ng paghanga ng tao, pakikipagkasintahan at pag-aari ng maraming material na bagay. Ang kaligayahang dulot sa akin ni Cristo ay hindi kumukupas.

Sa pagtatapos, mainam na sabihin na lamang na si Cristo ang laging kasagutan sa mga pag-aalinlangan na dumarating sa aking buhay.

## I. Multiple choice

1. Ang mga alagad ni Cristo ay ang dapat maging __________ ng lupa? C
   a. Asin
   b. Ilaw
   c. Both a and b

2. Ano ang gamit ng asin noon at ngayon?
   a. Pangpatamis
   b. Preservative
   c. Pangpaasim

3. Paano nagiging asin ng lupa ang mga alagad ni Cristo?
   a. Napapabagal ng mga alagad ang moral decay ng comunidad habang ipinamumuhay ang mga katotohanang tinuro ni Cristo.
   b. Ang kanyang lifestyle at pag-uugali ng alagad ay opposite sa turo ni Cristo.
   c. Ang alagad ay paminsan-minsang umiiwas na makibahagi sa masasamang gawa depende kung sino ang kanyang mga kasama.

4. Napapabagal ang moral decay sa comunidad kung ______________.
   a. Patuloy na nagpapasakop ang mga alagad ni Cristo sa biblical standard ng katotohanan, kabutihan at katuwiran.
   b. Taglay ng mga believers ang values na nagmula sa salita ng Diyos.
   c. Both a & b

5. Sino ang tunay na ilaw ng sanlibutan?
    a. mga church leaders
    b. mga mananampalataya
    c. Panginoong Jesu Cristo

6. Ano ang naa-absorb at nare-reflect ng mga alagad ni Cristo?
    a. Ang ilaw sa kapitbahay
    b. Ang ilaw ni Jesus
    c. Ang ilaw sa poste

7. Nakikita ang liwanag na likas kay Cristo sa pamamagitan ng buhay ng mga disciples Niya, na naninirahan sa kani-kanilang comunidad.
    a. True
    b. False

8. Sa Bible, ang ilaw ay kadalasang nagsi-symbolize sa ________________.
    a. Kalinisan
    b. Katotohanan
    c. Kaalamanan
    d. All of the above

9. Ano ang hindi ipinamumuhay ng mga Christian evangelists?
    a. Pakikibahagi sa kasagwaan at kamalian nagaganap sa kanilang barangay.
    b. Nakikibahagi sa kaayusan, kapayapaan at kalinisan ng comunidad.
    c. None of the above

10. Ano ang hindi nakikita sa buhay ng tunay na disciples ni Cristo?
    a. Ang kanilang mabubuting gawa.
    b. Lifestyle na naglalarawan ng kaharian ng Diyos na nagre-reflect ng kaisipan at kalooban ng Diyos.
    c. Ang galit at pagrerebelde kapag nakakaranas ng rejection o persecution.

11. Sino ang mga naa-attract ng mga evangelist sa kanilang uri ng lifestyle? B
    a. Ang mga taong gusto ng kayamanan
    b. Ang mga taong seekers ng katotohanan
    c. Ang mga taong seekers ng kamalian

12. Ang disciple ni Cristo ay dapat laging handang magbigay ng paliwanag sa sinumang magtanong ng tungkol sa pag-asang nasa kanya at gawin ito ng may kahinahunan at may respeto.
    a. True
    b. False
    c. Maybe

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION, INC. • 2015 •

13. Ang evangelist-apologist ay nararapat na handang magbigay ng __________.
    a. Special number
    b. Maigsing patotoo
    c. Update sa nangyayari sa comunidad

14. Batay sa halimbawa ng patotoo na iyong nabasa, ano ang inilahad ng nagpatotoo sa unang bahagi?
    a. Ang kanyang buhay bago niya nakilala si Cristo
    b. Ang kanyang buhay pagkatapos niyang makilala si Cristo
    c. Ang kanyang buhay ng habang kinikilala niya si Cristo

15. Batay sa halimbawa ng patotoo na iyong nabasa, ano ang inilahad ng nagpapatotoo sa huling bahagi?
    a. Ang kanyang buhay bago niya nakilala si Cristo
    b. Ang kanyang buhay pagkatapos niyang makilala si Cristo
    c. Ang kanyang buhay ng habang kinikilala niya si Cristo

## II. Short Essay (250 words or more)

Gumawa ng 3-minute testimony gamit ang pattern na iyong natutuhan.

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*

© Revised: March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.